

Ano Ang Kailangang Malaman ng mga New Yorker Tungkol Sa Mga Bakuna Sa COVID-19

Nagliliigtas ng mga buhay ang mga bakuna. Kapag nabakunahan ka, tumutulong ka na protektahan ang iyong sarili sa COVID-19 at ginagawang mas ligtas ang iyong komunidad. Nakatuon ang Lungsod ng New York (NYC) sa pagpapanatili sa lahat na ligtas at malusog. Kasama dito ang paniniguro na ang akses sa bakuna ay patas at pantay-pantay at nagbibigay sa mga tao ng impormasyon na kailangan nila upang gumawa ng mga nalalamang desisyon tungkol sa pagbabakuna.

Gumagana ba ang mga bakuna?

- Ang mga bakuna sa COVID-19 na pinahintulutan sa pang-emergency na paggamit ng Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ay naipakita na napakaepektibo sa pagprotekta sa mga tao mula sa malalang sakit, pagkakaospital at pagkamatay sa COVID-19.

Ligtas ba ang mga bakuna?

- **Oo. Hindi ka mahahawa ng COVID-19 mula sa mga bakuna.** Hindi naglalaman ang mga bakuna ng virus na nagdudulot ng COVID-19. Tinuturuan ng mga bakuna ang resistensiya ng iyong katawan kung paano labanan ang virus, upang sa gayon alam nito kung paano gawin ito kung ikaw ay nalantad sa COVID-19.
- Dumaan ang mga bakuna sa mga malakihang klinikal na pag-aaral na kinasangkutan ng libu-libong katao na may iba't ibang edad, lahi at etnisidad. Ang ebidensiya mula sa mga pag-aaral na iyon ay matamang nirerepaso ng FDA at mga nagsasariling organisasyon.

Paanong napakabilis na ginawa ang mga bakuna?

- Ang paggawa ng bakuna sa COVID-19 ay nagsasangkot ng mga walang kapantay na rekurso. Bilyon-bilyong dolyar ang ginugol at walang tigil sa pagtatrabaho ang mga siyentipiko sa buong mundo.
- Ginamit ng mga siyentipiko ang mga deka-dekadang pananaliksik mula sa iba pang bakuna, kasama ang pananaliksik sa mga bakuna para sa iba pang coronavirus.

May mga masamang epekto ba ang mga bakuna?

- Oo, karamihan sa mga tao ay nagkaroon ng ilang masamang epekto. Kasama sa mga karaniwang masamang epekto ay pamamaga sa braso kung saan ka nabakunahan, sakit sa ulo, mga pananakit sa katawan, pagkapagod at lagnat.
- Kung may mga tanong o alalahanin ka, tumawag sa **311** o kausapin ang iyong tagapagkaloob sa pangangalagang pangkalusugan.
- Maaaring hindi maganda sa pakiramdam ang mga masamang epekto, ngunit kadalasan silang hindi alalahanin sa kalusugan at nawawala sa loob ng 24 hanggang 48 oras. Sa kabaligtaran, ang COVID-19 ay isang kapansin-pansing alalahanin sa kalusugan at maaaring tumuloy sa mga pangmatagalang komplikasyon sa kalusugan, pagkakaospital at pagkamatay.



Sino ang maaaring magpabakuna at magkano ito?

- Ang lahat ng mga New Yorker edad 16 at mas matanda ay karapat-dapat sa pagbabakuna. Ang mga taong nakatira sa labas ng estado pero nagtatrabaho o nag-aaral sa New York ay karapat-dapat ding mabakunahan. Kasama sa mga taong karapat-dapat base sa trabaho ang kapwa bayad o hindi bayad na manggagawa. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang nyc.gov/covidvaccine. Para sa listahan ng lahat ng karapat-dapat na grupo, bisitahin ang nyc.gov/covidvaccinedistribution.
- Ibinibigay ang mga bakuna sa COVID-19 na walang gagastusin. Kung may insurance ka, maaaring singilin ito, pero hindi ka sisingilin sa copay o ibang bayarin.
- Hindi mo kailangang ibahagi ang katayuan mo sa imigrasyon upang mabakunahan. Ang pagpapabakuna ay hindi ka gagawan ng “pampublikong singilin” o apektuhan ang iyong katayuang pang-imigrasyon.

Protektado ba ang aking pagiging kumpidensiyal?

- Kapag tinanggap mo ang bakuna, mapoprotektahan ang iyong pagkapribado. May mga mahigpit na batas na nasa lugar na sumisiguro sa pagiging kumpidensiyal ng iyong personal na impormasyon.

Saan ako maaaring mabakunahan?

- Tanungin ang tagapagkaloob mo sa pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung nag-aalok sila ng mga pagbabakuna.
- Bisitahin ang nyc.gov/vaccinefinder upang humanap ng lugar at magpa-appointment. Maaari ka ring tumawag sa 877-829-4692 upang magpa-appointment sa mga lugar na pinatatakbo ng NYC.

Dapat ba akong magpabakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19?

- Oo, yamang posible na magkaroon muli ng COVID-19, dapat kang mabakunahan. Ang mga bakuna ay ligtas at maaaring palakasin ang proteksiyon na mayroon na ang katawan mo.

Kapag nabakunahan ako, maaari ko bang itigil ang pisikal na pagdidistansiya at pagsusuot ng pantakip sa mukha?

- Hindi. Kailangan nating maging maingat hanggang sa mas maraming tao ang nabakunahan at hanggang sa magkaroon tayo ng mas maraming panahon upang maunawaan ang epekto ng mga bakuna sa pagkalat ng COVID-19. Dapat patuloy ang lahat na gawin ang mga pangunahing hakbangin sa pag-iwas kahit pagkatapos mabakunahan:
 - Manatili sa bahay kung may sakit ka.
 - Panatilihin ang hindi bababa sa 6 feet na distansiya mula sa iba.
 - Magsuot ng pantakip sa mukha (na lapat na lapat sa iyong bibig at ilong) kapag nasa labas ng iyong bahay.
 - Hugasang mabuti ang mga kamay mo ng sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer na may alkohol.

Nauunawaan naman na ang ilang tao ay maaring hindi sigurado sa pagpapabakuna o maaaring may mga karagdagang tanong. Upang malaman ang higit pa, kausapin ang tagapagkaloob mo sa pangangalagang pangkalusugan, tumawag sa **311**, o bisitahin ang nyc.gov/covidvaccine.

